**LISENSYA**
*Benjo Gutierrez*

“Ano kayang pakiramdan ng nanonood lang mamaya?” tanong ko kay Mariel habang pinaghihiwalay ko ang mga dekolor at puting mga damit ko na ipapa-laundry sa kabilang kanto maya-maya, pag bumaba na yung pinananghalian naming tocinong tustadong niluto ko. Di siya sumagot, o di niya lang ko pinansin, o ewan ko—baka sobrang whack kasi talaga ng pagkakaluto. Sinisi ko na lang tocino, Tang inang Pampanga’s Best yan hanggang Pampanga lang yata best.

Totoo niyan, sumusubok-subok pa lang kasi akong magluto kaya alam kong kahit papaano, digs ni Mariel kung bakit mukhang rekta galing apoy ng impyerno yung tumusta sa tocino. Gusto ko na lang isiping ganon kahit kitang-kitang sa hulmahan ng mukha niyang hindi siya natuwa sa niluto kong tocino. Na tang ina, kung may pagkakataon siyang maghanap ng Knor seasoning sa cabinet ng bagong nilipatan kong apartment, gagawin niya kung alam niyang hindi sasama ang loob ko dahil hindi niya kinain ang tustadong tocino, gagawin niya, sure pa sa sure.

Pero wala e. Wala naman siyang choice, pucha kung may makita nga siyang Knor don, baka makihati pa ako. E ang kaso, walang mahihita sa cabinet apartment ko kung hindi mga delata ng corned beef, chihcirya, at mga candy na kumasya sa budget ko para sa sahod na ‘to. Yung iba napunta na renta ng apartment, sa bill ng kuryente at tubig, sa gas ng motor, at sa ticket ng UAAP Cheerdance Competition na panonoorin namin ng live mamaya sa MoA Arena. Kaya hindi man sakto ang lasa, sa isip-isip ko yamuna, itong Pampanga’s Best tocino ang best option na kainin ngayon kaysa gumastos sa pagkaing overpriced mamaya sa MoA Arena kapag nagutom kami.

Totoo niyan, kaninang uamaga pa ko lutang nang lumabas sa TV yung commercial UAAP Cheerdance Competition at binanggit yung dati kong team, ang UST Salinggawi Dance Troupe. Nung oras na yon, tinablan ako ng kaba—kaba sa kung anong mangyayari mamaya, kung mabubuo ba nila yung piyesa. Alam ko namang pipilitinn nilang magbigay ng malinis na performance pero sana, ibigay sa kanila. Nakakakaba dahil sa limang taon kong pagco-compete sa taunang UAAP Cheerdance, ngayong lang ako manonood. Wala na akong magagawa kung sakaling may umalog sa stunts, may pinanghinaan ng loob bigla sa tumbling, o may nagkamali at kinakailangang palalalahanang “Okay lang yan, kasama naman yan” sa gitna ng pag-iyak niya matapos ang performance namin. Wala na akong magagawa kung hindi umasa, magdasal, at sumigaw mula sa lower box na kaya nila yon, at magbaka-sakaling narinig nila ako. Kaya kinakabahan man para mamaya, kapareho lang ng tocinong tustado ang magiging sistema—kakainin na lang dahil wala namang magagawa.

“Ano kayang pakiramdam ng ma-late ng sa CDC?” Sarkastikong sita sakin ni Mariel. Aba putang ina, malay ko ba. Pero mukhang malalaman ko ngayong araw din mismo. Tamang senti kasi sa tanghali amputa, hindi ko namalayang mag-iisang oras na pala akong naghihiwalay ng mga puti at de-kolor na damit. Kung may kulay lang ang kaba, binukod ko na rin, mala-mala. Ala una na, at alas dos ang CDC. Ang plano kong ipa-laundry ang maruming mga damit, napurnada. Kailangan nang magmadali. Buti na lang naligo na ko kanina, magsasalpak na lang ako ng mga gamit sa bag—CDC ticket, wallet, susi ng apartment, selpown, lisensya, at isang oras pang kaba na ikukubli muna panandalian dahil baka mamaya mapano sa biyahe kung wala pa man din sa MoA, nasa MoA na ang diwa.

Lumarga na kami Mariel pa-Pasay, tanging jacket lang ang panggalang sa nagdadabog na init ng araw. Ito na agad ang ideyang niyakap bago pa man bilhin ang second hand na motor, na hindi talaga papantay ang kulay ng kamat ko sa kulay ng braso ko. Mainit. Isabay mo pa ang bumabandang init ng araw sa aspalto na babanda naman sayo. Iba pa jan ang init ng makina ng mga kotse at mga tambutso nilang nakatutok sayo kapag sa gitna ng trapik. Kaya bilib ako sa mga motoristang naliligo lang ng pawis. Kasi ako, Sabay kong pinapaliguan ng mura ang mga motoristang sobrang banong magmaneho na akala mo dalawang dekada nang pinapa-fixer sa LTO ang lisensya sa sobrang bano mag-drive. Lalo na kung umuulan, na kung minsan, meron at meron talagang makakasalamuhang driver na bigla na lang ika-cut ang lane mo. Ilang beses na akong binalaan ng mga kamag-anak na huwag nang bumili ng motor, na mag-commute na lang daw ako dahil delikadong ma-motor dahil walang air bag na sasalo kung sakali. Kako, mas goods na to dahil mabilis ang commute. Saka para sa tulad kong may ipon naman kahit papaano pero walang pambiling kotse, puwede na tong second hand na tormots.

Habang binabaybay namin ang Pasay, sumasabay ang mga alaalang gumagabay sa ruta ko papunta MoA Arena. Dahil minsan, ang rutang MoA ang naging pangatlong daan ko (kasama ng ruta pa-Araneta Coliseum) kasama ng daan papuntang UST at daan pauwi sa bahay namin sa Hagonoy. Naalala ko ang unang performance ko sa MoA noong 2014 sa Group Stunts Competition ng CDC, ang mga halftime games na pinupuntahan namin para samahan ang Tigers, ang mga masasayang biyahe pauwi kapag nanalo, at siempre, ang mga biyaheng kasing-tahimik ng alas sais ng hapon tuwing angelus kapag hindi maganda ang kinalabasan ng kompetitsyon, mapa-UAAP man yan o NCC. Ang ruta pa-MoAng to ang saksi sa bulto-bultong mga dasal, galak, at kabang dala ko noon. Kapag pamilyar ang daan, kung minsan nagiging pamilyar na rin ang emosyon. Kilalang-kilala ng rutang to ang ugali ko sa tuwing pupuntang MoA ang Salinggawi. Kilalang-kilala niya ako, kung paano ako kabahan, kung paano ko bugawin ang kabang yon dahil kahit pa kasama naman akong sasayaw noon, hindi ko naman kayang paramihin ang sarili ko para hawakan ang mga paa ng mga flyers para hindi umalog at bigyan ng lakas ng loob ang mga bases para magtiwala sila sa pagbubuhat nila. Pucha, kabisado ng Pasay  ang karakas ko lalo noong unang taon ko bilang team captain at lalo Noong pangalawang taon.

Yun nga lang, ang mali ko hindi ko kinilala ang Pasay.

Nakatutok kasi ako sa isang jeep, nakaabang na kong sumingit at um-overtake kapag nagkaroon ng pagkakataong pumiga ng throttle, pipiga talaga nang walang isip-isip pero may silip-silip sa side mirror. Kaso tang inang jeep to, napaka-banong magmaneho. Hindi yata alam na may kasamang signal light ang mga jeep. Depende sa trip kung hihinto, kung aarangkada, kung gigilid para magbaba o magsakay. Umay. Hindi naman ako makaporma dahil may kasabayang mga bus at baka imbis na sa MoA Arena mapunta, sa St. Peter humantong ang biyahe.

Kaya binuntutan ko lang yung jeep, wala naman akong palag. Kakatutok ko sa jeep at kakahanap ng tiyemong umarangkada, napapwesto kami ni Mariel sa yellow box ng Rotonda. Pucha, habang tamang senti ako, hindi ko namalayan na nag-pula na pala yung stoplight sa Rotonda. Nandon kami sa gitna ng parisukat at sinusubukan kong umabante dahil kapag may nakapansin, beating the red light talaga ang asunto. Parang laro ng chess, yari ako kapag naubos ang mga sasakyan

dito. Sure pa sa sure, ako talaga ang mapapansin. Kaya noong umabante ang hari ng kalsada kahit pula na ang ilaw, nirekta ko rin. Nagmamadali akong bumuntot ssa mabagal na hari, dinidikitan ko lang para kung sakaling mahuli, dalawang kaming yari.

Habang maingat at marahan kong dinidikitan ang hari ng kalsada sa dilaw na parisukat, biglang may sumambulat na Reyna: naka-pink na enforcer, may hawak na paniket, at pinapatabi ako sa gedli. Tang ina, kako, checkmate. Umabante na ang hari ng kalsada, walang kaso, abswelto. May mga bus ding nakasunod sa akin pero pinalagpas ng mga to. Sino nga bang kinakain ng mga malalaki, di ba ang maliliit? Gumilid ako at nagsimulang manligaw. Ilang beses na rin akong nalagay sa ganitong alanganin, alam ko na ang diskarte.

"Ma'am, sinundan ko lang naman po yung jeep, dami po kasing nagje-jaywalk kaya mabagal umusad nung naka-go."

Walang sagot ang babaeng enforcer, kumuha ng ball pen at sinumulan nang magsulat ng petsa. Tang ina, yari sa ganito: walang planong makipag-usap ang ganitong mga enforcer. Wala paliwanagan ng violation. Walang banggitan kung magkano ang multa sa violation na ko, o kung ilaw araw bago ko makukuha sa munisipyo ng Pasay ang lisensya. Alam ko na galawan nito, hindi to magpapakotong. Sa isip-isip ko, putang ina naman, sa dinami-dami ng mga enforcer na huhuli sakin ngayong araw, bakit yung matuwid pa?

"Lisensya, Ser," sabi ng enforcer.

"Ma'am, baka pwede naman po natin tong pag-usapan? Jan lang naman po ako MoA ma'am, Malapit na naman po ako," pakiusap ko. Baka magbago pa isip, e.

"Ser, lisensya na lang po. Tatagal pa tayo," diin niya.

"Ma'am, sa Cavite pa po ako umuuwi," sabi ko Kahit di naman talaga. "Pahirapan pong tumubos kung sakali, Ma'am. Baka puwede po nating pag-usapan," inulit ko.

"Ser, lisensya na lang."

At sa oras na yon, alam ko nang tus ako. Binuksan ko na lang bag ko kung saan nandon ang wallet ko na pinamahayan ng lisensya ko. Habang hinahanap ang wallet, sinusubukan kong magparinig ng kung anu-anong ka-shyt-an na hindi naman totoo tulad ng sa Trece Martires pa ako uuwi, na mahina ang tatlong oras ang biyahe balikan ng Trece at munisipyo ng Pasay, at wala na kong leave credits sa opisina at makakaltasan na ko. Pero walang talab sa babaeng enforcer. Mas matigas ang mukha niya sakin.

Nang binuksan ko ang wallet ko, tang ina, wala yung lisensya ko. Binuksan ko ang lahat ng bulsa ng bag, pati bulsa ng pantalon, ng suot kong jacket pero wala talaga. TInaktak ko na nang tinaktak ang bag, pero mas maraming kaba lang at pagka-aligaga ang nahulog. Naiwan ko yata sa apartment kakamadali kanina. Tang ina, mapapasama pa nga lalo tong huli sa akin.

"Ano Ser, wala?"

"Ma'am nilagay ko po yung lisensya ko sa bag, hindi ko po alam kung nasaan na."

"Patay tayo jan, Ser. Impound yang motor mo."

Naisip ko bigla na si Mariel nga pala may lisensya rin. "Ma'am, paano po kung yung kasama ko ang may lisensya?" Tanga-tanahan kong tanong. Mahabang diskusyunan din ang nangyari pero sa huli, pumayag yung enforcer na huwag nang i-impound ang motor ko at yung lisensya na lang ni Mariel ang kunin sa isang kondisyon: siya dapat ang magmamaneho.

All goods na sana, kaso may problema. Kung kotse ang imamaneho, marunong si Mariel pero sa motor, isang beses pa lang niyang nasusubukan noong tinuturuan ko siyang mag-drive sa labas ng bahay namin kung saan walang tao, sasakya, o enforcer. Bale, pangalawa na niya ngayong araw. Kitang-kita ko sa mata ni Mariel ang kaba, na para bang nagsasabing “Gago ka talaga, Benjamin!” Pero wala, e. Pareho kaming gagastos pauwi nang magco-commute kung hindi. Ayos lang sana, e kaso, wala kaming pera pareho. Noong pumayag siya, pumayag na rin ang enforcer. Pero sabi niya, kailangan niyang makitang imaneho ni Mariel.

Alam kong dalawa lang ang Pwedeng mangyari sa amin ni Mariel kapag sinubukan niyang iangkas papuntang MoA: una ay sumemplang kami at pangalawa sumemplang kami at mahuling nagsisinungaling kami. Buti mabilis ang utak ko, sabi ko sa enforcer “Ma’am, saan po ba ang malapit na CR dito? Natatae na po kasi ako,” sabay himas sa tiyan. Tinuro niya ang pinakamalapit na McDo na halos 100 metro lang ang layo sabay abot ng ticket. Kinuha ko ang ticket at saka naglakad papuntang pedestrian lane sa tapat ng McDo. “Doon na lang tayo kita sa McDo,” sabi ko kay Mariel “Aabutan na ko rito,e e” sabay himas ulit ako sa tiyan.

Walk trip na ko sa may kanto, mga 50 metro lang mula sa pinaghulihan sakin. Epektib ang aktingan ko. Doon, aabangan ko si Mariel habang nagmo-motor at makikiusap naman sa uniberso na sana wag siyang sumemplang. At sa awa ng Diyos ng mga Motoristang magaling magpalusot sa mga matuwid na enforcer, ligtas naman siyang nakarating. Pahjinto niya, Sinabi kong huwag siyang mag-alala at tutubusin namin ang lisensya niya. Sa puntong yon, pinababa ko na siya. 1:45 PM na. Ako na ang nagmaneho at umarangkada na kami pa-MoA. Kasabay ng pagpiga ko sa throtle ang pagpiga ko ng sorry kay Mariel.

Pinaspas namin ni Mariel ang pagpa-park ng motor at paglalakad papasok ng MoA. Kinalimutan ko munang badtrip siya sakin dahil sa nangyari sa lisenysa niya. Habang naglalakad papunta sa guard na magche-check ng mga ticket namin, sabi ko sa kaniya na tutubusin na lang namin ang lisensya niya sa Miyerkules. Noong malapit na kami sa puwesto ng guard, bumagal ang lakad ko. Sa unang beses kasi, sa mismong entrance ako pumasok. Mukhang gago pakinggan pero sa huling limang taon, sa likod ng MoA ang pasok ko kung saan rerekta ako kasama ng mga teammates ko sa dug out kung saan kami magpapahinga, maghihintay, magdadasal, kakabahan, at lalabanan ang mga negatibong shyt sa utak namin. Ganoon pa rin naman ang gagawin ko. Yung nga lang, mula na sa unahan.

Pagkatatak samin sa entrance, may mga kasabay kaming mga kulat: matapang na asul, pula, dilaw, maroon, berde, madilim na asul, at malamlam na asul. Mga estudyante, kapamilya, o baka dati ring atleta tulad ko na susuporta sa dati nilang team at gustong malaman ang pakiramdam ng nanonood lang.

Noong narining ko ang mga kabi-kabilang mga tambol nga bawat eskwelahan na parang sabay-sabay na pagpapatugtog sa araw ng pasko samin sa Hagonoy, alam kong wala pa mang sumayaw, simula na ang Cheerdance Competition. Dito kasi, sa pagtatambol, kung gaano kalakas o kahina, ang kakalampag sa school spirit ng mga manonood na siya namang kokonekta sa mga magpe-

perform. Kumbaga sa inuman, sila ang nagsisindi ng gin para mapahaluan at mapaikot na sa lasing na lasing na MoA arena ngayong araw.
Hinanap namin ang upuan namin at matiyagang naghintay na magsimula ang CDC. Habang nakaupo, tamang sight ako sa paligid. Iniisip ko kung ano bang pakiramdam ng manood lang? Kakabahan pa ko lalo? Matatakot kapag may maling stunt at hindi nasalo? Matutuwa ba kapag nabuo? Malulungkot ba kapag may nalaglag? Ano nga ba? Pucha, napaisip din ako. Kapag kasi sumasayaw ka sa mats, wala kang iisipin kung hindi ang ginagawa mo sa ngayon at kapag natapos na, hayaan mo na muna—pagkatapos ka na tumalon sa tuwa kapag buo, mamaya ka nang humagulgol sa Iyak kapag nagkamali ka. Sa limang minuto sa mats, wala kang puwang para makaramdam nang lubusan, na darating na sa puntong madadala ka na ng damdamin mo't makakalimot o magkakamali sa susunod na gagawin. Pero iba ngayon. Dahil ngayon, lisensyado na akong makaramdam ng gusto kong maramdaman habang nanonood mula sa itaas.

Ilang sandali pa, nagsimula na ang Cheerdance Competition. Mas lumakas ang mga palo sa tambol, mas umalingawngaw ang mga sigawan, at mas lumakas ang amats ng MoA arena. Isa-isa nang sumayaw ang bawat teams. Habang iniinterview ang isang team sa backstage, dahang-dahang lumabas ang Salinggawi mula sa backstage para mag-warm up. Sila na nag susunod. Ito na. Kinang ina, ito na. Wala pa man, kinakabahan na ako. Parang mas lumamig ang paligid. Sumabay din sa lakas ng hiayawan ng UST crouwd ang kabog ng dibdib ko. Sumigaw na lang din ako, kasi parang gago, di naman ako sasayaw ako pa tong kabado. Kako, bat naman ako kakabahan e hindi naman ako sasayaw, di na ko lisensyado, at paso na ang rehistro ko sa pagco-compete. Kung anong sagot ko, malalaman ko pa lang sa ilang daldal pa ng host.
"Let's all give it up for the UST Salinggawi Dance Troupe!"
Pucha, ito na. Dahang-dahang ko silang pinanood mula sa malayo. Kinilala ko kung sinong mga naiwan at sinundan ko ng tingin. Papasok pa lang, alam kong dinadaga na sila. At lalo akong dinaga dahil alam ko kung anong resulta ng kaba sa team na na naiwan ko. Nagsimula na ang tugtog, rakrakan na. Buhat dito, tumbling don, talon dito, salo ron. Sa bawat buong stunts o pyramid, sumisigaw ako kasama ng mga hindi rin lisensyadong magsayaw sa mats. Kumbaga dito, Kahit sa ganitong paraan na lang, maiparamdam ko, namin, na kasama nila kami sa bawat stunt, pyramid, at tumbling. May mga nalaglag sa stunts at mayroon din namang mga nailaban. Noong natapos ang piyesa nila, taas-noo silang nag-cheer ng 'Go USTe!'. Sumabay naman kami. Ito ang shyt ng Cheerdance Compepition—sa araw na to, sa isang araw lang na to, ang mga taga-cheer ang chini-cheer.

Pero hindi lahat ng chini-cheer, nagwawagi. Dahil sa walong mga teams, tatlo lang ang mananalo. Matapos mag-perform ng lahat tinawag na sila sa gitna para sa announcement ng winners. Naalala ko, noong miyembro pa ako ng team, ang sandaling yon magdedesisyon kung saang dahilan ka ba iiyak: sa tuwa ba o sa lungkot? Naramdamdam ko na yon pareho sa loob ng limang seasons. Masarap maiyak sa tuwa dahil sulit ang lahat ng mga sakripisyo, pagod, mga family gatherings na hindi napuntahan, at mga puyat sa school. Pero ang pinakamapait, ang iyak sa pagkatalo dahil matapos matalo, saka ka aatakihin ng ideyang nagsakripisyo ka para sa wala. At ganoon nga ang naging kapalaran ng Salinggawi noon. 4th place. Tumayo sila, chineer ang huling 'Go, USTe!' at saka bumalik sa dug out.
Pagkatapos sabihin ang mga nanalo, kaniya-kaniyang tayuan na rin ang mga tao. Lumakad na rin kami ni Mariel, pinag-usapan namin ang mga nangyari sa mga routine at sa judging, etc. Ganoon din ang usapan ng mga taong kasabay naming maglakad. Pero kung sila pauwi na, kami hindi pa.

Pumunta kami ni Mariel sa likod, kikitain ko lang ang mga teammates ko, kako. Naghintay kami sa likod at nakakita ng mga pamilyar na mukha: mga dating teammates at mga tulad kong dating cheerleaders din na kikitain ang mga naiwan nilang teammates para batiin. Lumabas na ang Salinggawi, lugmok ang mga mukha. Nilapitan ko ang mga naiwan ko, sila Rowell, Chan, Andrew, Quella, Q, at iba pa para batiin. Sabi ko ang galing nila na agad naman nilang binawi, dahil hindi naman daw nanalo. Sabi ko, ano naman kung di manalo, nandito naman kami para damayan sila sa Kahit anong maging resulta. Niyakap ko sila isa-isa at nagpaalam na dahil sisibat na rin sila pabalik ng UST, hinihintay na raw sila ng bus. Ngumiti sila at nagpasalamat sa pagsuporta.

Ganoon pala ang pakiramdam ng manood lang. Hindi mo na sila masasamahang pagdaanan ang mga mahihirap na sandali nila katulad ng dati. Wala ka nang magagawa rin kundi batiin sila at umasang matanggap nila ang nangyari sa sarili nilang panahon. Dahil wala na, hindi ka na lisensyadong makialam pa sa mga shyt nila dahil ikaw mismo, mayroon ding shyt na dapat harapin na higit pa sa Cheerdance Competition tulad ng mga bayarin sa bahay, at shyt sa buhay.

Naglakad na kami ni Mariel papuntang parking. Nang makarating, pinainit ko na ang motor at bago umalis sabi ni Mariel: Babe ingat tayo, ah. Wala kang lisensya.